


MGA PANGITAIN NI WILLIAM BRANHAM

 Ang teyp na ito ay ginagawa para sa Kaharian ng Diyos, habang ipinapasa ko ito kay Kapatid na Lee Vayle bilang manuskrito. Hiniling sa akin ni Kapatid na Vayle, dito sa presensya ni Kapatid na Mercier, na—na magbahagi ng ilan sa mga dating pangitain. Hayan nga, na ang mga pangitain kung saan. . . ako. . . ang u- . . . Isa sa pinakauna na natatandaan ko, ay 'yung mga pangitain, na dumarating. Sa tuwina'y dumarating ang mga pangitain. Pero sa tingin ko naging interesado ka sa mga pangitaing 'yun matapos na mapagbagong-loob ako, Kapatid na Vayle.

² Buweno, natatandaan ko pa, matapos na maitalaga ako sa simbahan, sa iglesyang Baptist, ni Dr. Roy Davis, dito sa Watt Street sa Jeffersonville, kung saan nakatayo ang simbahan noong panahon na 'yun. Natatandaan ko ang isang natatanging pangitain, hindi pa lumilipas ang ilang linggo matapos na ako'y. . . mga. . . siguro, mga ilang araw matapos na ordenahan ako. Ako nga'y. . . nakakita ng pangitain ng isang matandang lalaki na nakaratay sa ospital, dahil sa pagkaipit. Isa siyang itim na lalaki. At agad siyang gumaling, na anupa't, naging sanhi ito ng labis na kalituhan. Tumayo siya mula sa kama at naglakad palayo.

³ At dalawang araw, mga dalawang araw, pagkatapos nun, nagpuputol ako noon ng serbisyo, ng mga di nakapagbayad ng serbisyo sa New Albany, tubig, at gas, at—at mga bayarin sa kuryente. At dahil dun. . . labis akong napuno ng kagalakan! Sa tuwing makakakita ako ng lumang bahay, pumapasok ako't nananalangin, alam mo na, kung saan walang nakatira.

⁴ At natatandaan kong sinabi ko kay G. Johnny Potts, na buhay pa hanggang ngayon. Siya'y halos, sa palagay ko, mag-sisienta o mag-ootsenta anyos na. Isa siyang dating tagabasa ng metro. At inalis siya noon sa pagbabasa ng metro, at inilipat siya sa mesa, para tumanggap ng mga reklamo at mga bagay-bagay, pagpasok mo sa pintuan, pati na rin mga tawag para magpaserbisyo. At ikinukuwento ko sa kanya kung ano ang ipinakita sa akin ng Panginoon. At siya nga'y, paminsan-minsan, kumukuha ng ilang nakaligtaang metro na di nakuha ng regular na tagabasa. At dito, ikinukuwento niya—niya, na isang lalaki. . .

⁵ Na, nakita ko sa pahayagan, kung saan mayroon silang isang lumang karitela. . . Noong araw 'yun, hila ng dalawang kabayo,

at nangongolekta sila ng basura't kalat, sa eskinita. May isang matandang itim na lalaki na ang pangalan ay G. Edward J. Merrell. Nakatira siya sa 1020 Clark Street sa New Albany. At nabangga siya ng dalawang tao na puti, na isang puting babae at isang—at isang lalaki, na nagmamaneho ng kotse. At nawalan ng kontrol sa kotse 'yung lalaki, at naipit niya 'yung lalaki sa may gulong ng karitela. At talagang nagkabali-bali ang lahat ng buto sa kanyang katawan, halos, at maging dun sa bandang dibdib niya, lalo na. Nalinsad ang kanyang likod. At dinala nila siya sa ospital, na talagang malubha.

⁶ At si G. Potts, napadaan sa—sa ospital doon sa New Albany, haya't nabanggit sa kanya ang tungkol sa pakikipag-ugnayan sa akin ng Panginoon. At nagpasabi siya na pumunta ako, para ipanalangin siya. At agad-agad, naisip ko, “Yun 'yung lalaking nakita ko sa pangitain.”

⁷ Kaya, medyo natakot akong—natakot akong pumunta, dahil isa 'yun sa mga una ko, kita mo, para puntahan na gaya nun. Kaya, pero, sa kabila nun, nagpunta pa rin ako't isinama ang kaibigan ko, na kaaakay pa lang noon, isang munting kabataang Pranses na ang pangalan ay George DeArk. At kaaakay ko pa lang sa kanya kay Cristo. At nagpunta kami. At sabi ko, “Ngayon, Kapatid na George, gusto kong—kong—kong tandaan mo. Ang mga bagay na ito na nangyayari sa akin, hindi ko maunawaan ang mga ito. Pero, tandaan mo, ang lalaking ito ay gagaling. At kapag pinagaling na siya, may . . .Hindi ko siya maaaring ipanalangin hanggang sa dumating 'yung dalawang puting tao, at tatayo sila sa kabilang gilid ng higaan, dahil kailangan kong gawin 'yun sa paraan na ipinakita ito sa akin.”

⁸ At pumasok ako sa—sa ospital at hinanap si G. Merrell. At pumunta ako roon, at sinabi sa akin ng maybahay niya na malubha raw siya. At hindi siya maaaring gumalaw dahil nakita sa mga x-ray na katabi na mismo ng baga ang ilan sa mga buto. At kung gagalaw siya, aba, ito raw ay, maaaring bumutas sa baga niya at tuluy-tuloy siyang duduguin hanggang mamatay. At kalunus-lunos ang lagay niya. At dinudugo siya nang kaunti mula sa kanyang lalamunan, at iba pa, dahil dinudugo siya sa may bibig. Mag-dadalawang araw na siyang nakahiga roon. At 'yung lalaki, noong panahong 'yun, ay mag-sisenta'y singko anyenta na, sa palagay ko, sisenta o sisenta'y singko. Matanda na; ang balbas niya, mahaba, namuti na. At ubanin na.

⁹ At pumasok ako at sinabi sa lalaking ito, ano pa, 'yung pangitain na nakita ko mula sa Panginoon. At pumasok 'yung mga kabataan, 'yung mga nakabangga sa kanya. At lumuhod ako para ipanalangin siya. At bigla na lang, napasigaw ang lalaking ito, na sinasabi, “Magaling na ako,” at tumalon. At ang maybahay niya, sinusubukan siyang pigilan, sa may higaan. At dumating ang isa sa mga intern, na sinusubukan siyang panatilihin dun sa higaan. At tumalon siya mula sa kama, dahil

sa labis na tuwa. At noong pumunta ako sa . . . Sinabi ko kay Kapatid na George . . .

¹⁰ At pagkatapos isa sa mga madre, dahil isa 'yung Katolikong ospital, pumasok siya at sinabing kailangan ko na raw umalis dun, dahil pinagulantang ko raw nang labis 'yung lalaki. Dahil, nilagnat daw ito, nang halos sandaan at apat ang temperatura. At ang kakatwa, noong pahupain nila siya; nung—nung pari, nung lugar, at ilan sa mga doktor na nagpakalma sa kanya, pinabalik siya sa higaan, dahil nagbibihis na sana siya noon. At noong kunan nila siya ng temperatura, wala siyang lagnat.

¹¹ Ngayon, maraming tao na buhay pa hanggang ngayon, ang saksi sa pangitain, saksi na nangyari ito, o alam ang tungkol dito.

¹² At lumabas ako't tumayo sa may hagdan, at sinabi kay Kapatid na George, "Ngayon, panoorin mo. Magsusuot siya ng kulay-kapeng amerikana at sumbrerong plug hat. Lalakad siya pababa mismo sa hagdanang ito, matapos ng ilang mga minuto." At nangyari talaga. Lumabas ang lalaki mismo't bumaba roon.

¹³ At mga isang—isang—isang gabi pagkatapos nun, muling nagpakita sa akin ang Panginoon, isang umaga, mga bandang madaling araw na, at ipinakita sa akin ang isang babaing kalunus-lunos ang pagkabaldado, na siya'y pagagalingin. Kaya sabi ko, "Buweno, marahil hahanapin ko—hahanapin ko ang kinaroroonan niya."

¹⁴ At mangyari nga na umalis ako at nagpapatay ng ilang tubig, doon sa, sa pagkatanda ko, sa may Eighth Street sa New Albany. At ako . . . Dobleng-gusaling paupahan 'yun, at kaya natatakot ako baka napatay ko ang magkabilang paupahan. Doon sa isa, lumipat na 'yung mga nakatira; at dun sa isa, nandun pa rin 'yung mga nakatira. Kaya pinuntahan ko 'yung kabila na may—may tao, na okupado. At kumatok ako sa pintuan. At 'yung mga taga-roon sila'y talagang—talagang—talagang mahirap. At isang marikit, na dalaga ang lumapit sa may pinto, medyo di ayos-ayos ang pananamit. At sabi niya—sabi niya, "Ano po 'yun?"

Sabi ko, "Maaari mo bang subukan kung may tubig kayo, tingnan mo kung wala?"

¹⁵ At sabi niya, "Sige, po." At nagpunta siya. Sabi niya, "Hindi po. May tubig pa rin."

Sabi ko, "Salamat."

¹⁶ At 'yung nanay niya, nakaratay sa higaan, ang pangalan ay Gng. Mary Der Ohanian. At siya'y tubong-Armenia. Ang anak niyang lalaki ay fullback, sa paniwala ko, sa New Albany beys- . . . , uh, koponan ng football. At siya, ang anak niyang babae, ay nasa hayskul pa. Dorothy ang pangalan niya. At sabi niya . . . sinabi sa akin ni Dorothy, "Hindi po ba't kayo 'yung lingkod ng Diyos na nagpagaling dito sa ospital, noong isang araw? Gusto po kayong makausap ng aking nanay." At pumasok ako.

17 At sinabi niya sa akin na ang nanay niya ay nakaratay, baldado. At baldado siya't, nakaratay na lang, nang labimpitong taon na, magmula noong ipanganak ang kabataang babae na ito. At mangyari na 'yung dalagita'y labimpitong taong gulang na. At kaya sinabi ko sa kanya na . . . Sabi ng nanay, "Kayo po ba 'yung lingkod ng Diyos na nagpagaling doon sa lalaki?"

18 Sabi ko, "Hindi po, ginang. Hindi ako tagapagpagaling. Ako lamang—ako lamang ay nanalangin para dun sa—sa lalaking may sakit, at ipinakita 'yun ng isang Bagay na nagsabi sa akin." Hindi ko pa alam ang tawag dun noon; isang pangitain, o kung ano. Hindi ko pa alam kung ano 'yun, noon. Batang-bata pa lang ako noon, at binata't lahat na. At mangyari nga na may . . . Itong—itong ginang na ito'y humiling na maipanalangin, siya. At sinabi ko sa kanya, "Hayaan mo akong manalangin, muna, at pagkatapos kung ipapakita sa akin ng Panginoon na ako ay babalik."

19 At pagkatapos noong lumabas ako para manalangin . . . Pinuntahan ko si Kapatid na George. At sabi ko, "Yun 'yung ale na sinasabi ko—sinasabi ko sa'yo na ipinanalangin ko. Alam kong 'yun 'yung siya ring babae. Sumama ka sa akin."

20 At pumunta kami roon para—para maghandog ng panalangin. At 'yung munting labimpitong gulang na babae, hayan nga, ako'y binata pa rin lang noon. At may isa siyang kapatid na lalaki, mga anim, walong taong gulang, parang ganoon. At may Christmas tree dun, katatapos lang noon ng Pasko, nasa loob ng bahay. At pumunta sila sa likod nung Christmas tree, natatawa sila sa akin. "Para pagalingin ang kanilang nanay." Sinabi ko sa nanay na pagagalangin siya ng Panginoon. At ako . . . lumuhod ako at si Kapatid na George para manalangin.

21 At noong mag-umpisa na akong manalangin, buweno, 'yung Anghel na nakikita ko, Yung nakikita n'yo sa litrato, nakita ko Yun na nakapailanlang sa kama. Buweno, inabot ko't hinawakan ang kamay ng nanay. Sabi ko, "Gng. Ohanian." Ngayon, nakatira siya ngayon sa New Albany, siya at ang kanyang asawa, pamilya. Haya't sabi ko, "Gng. Ohanian. Ipinadala ako ng Panginoong Jesus, at sinabi sa akin bago pumunta, na, ipanalangin ka, at ikaw ay 'gagaling.' Tumayo ka sa iyong mga paa, at maging magaling ka na, sa Pangalan ni Jesus." Baluktot ang mga binti niya sa ibaba niya. Siya, habang nakapatong ang Armenian niyang Biblia sa kanyang puso, unti-unti siyang lumipat sa gilid ng higaan. At habang ginagawa niya, siya . . .

22 Pagkatapos nga'y kinausap ako ni Satanas, sabi, "Ibubunsod mo lang siya na mahulog sa sahig, tapos mababali ang leeg niya, dahil sa taas ng kama." Sandali akong natakot.

23 At sa tagal-tagal ay alam na alam ko ang mga pangitain, gayong hindi ko pa alam noong mga panahon na 'yun, na ang

sinasabi ng mga ito sa akin ay palaging tama. Mangyari nga na itinuloy ko, sa kabila nun, hinayaan ko siyang makaalis mula sa highaan. At ang Diyos ang saksi ko, pagkaalis na pagkaalis niya, mula sa highaan, tumuwid ang pareho niyang binti. Napasigaw ang anak niyang babae, sabu-sabunot ang kanyang buhok, at tumatakbo palabas sa lansangan, na sumisigaw nang ubod-lakas. Nagdatingan mula sa kung saan-saan ang mga kapitbahay. At hayun ang nanay, sa unang pagkakataon sa loob ng labimpitong taon, nakakapaglakad-lakad sa kuwartong 'yun, nagpupuri sa Diyos. Umalis na ako, kaagad-agad, para lumayo roon.

²⁴ Pagkatapos, nakilala ko ang dalagang ito, at naging malapit kami sa isa't isa. Hayan nga, na di na ito kailangang isama sa rekord, pero, naging malapit kami sa isa't isa nung dalaga.

²⁵ Di nagtagal pagkatapos nun, mga ilang linggo lang, nasa bahay ako ng nanay ko, isang gabi. At nananalangin ako, noong araw na 'yun, at ako—ako nga'y para bang di makaabot, ang isang—ang isang—isang katagumpayan sa pananalangin ko. At naisip ko, mananatili na lang ako nang buong. . . alam mo na, matulog na lang. Nakatira pa ako sa bahay, noon. At kaya pumasok na ako sa—sa kuwarto, para—para manalangin. At ako. . . mga ala-una na 'yun noon ng umaga, sa palagay ko. At ako'y—ako'y nanalangin.

²⁶ At, bigla na lang, napatingin ako. At si nanay, nakaugalian na niya noong tipunin ang mga damit niya, tapos pagpapatung-patungin 'yun sa may upuan, alam mo na. Talagang mahirap lang kami noon. At tumingin ako, may lumalapit na Isang puting bagay sa akin, at inakala kong nakatingin ako sa upuang 'yun ng mga damit. Pero ang Anghel Yun ng Panginoon, 'yung—'yung Ulap na 'yun, alam mo na. At dumako Yun sa kinaroroonan ko.

²⁷ At ako'y—at ako'y nakatayo sa loob ng isang kuwarto, isang maliit, na tinatawag naming “shotgun” na bahay, maliit, na padiretsong bahay, may dalawang kuwarto. At may pulang pahabang panel 'yun dito sa buong ibabang gilid, kita mo. May isang maliit na bakal na kamang de poste sa kanang panig ko. May isang babaing itim ang buhok na nakasandal sa. . . Yung isang kuwarto'y palabas sa kusina. Nakasandal siya sa may pintuan ng kusina, umiiyak. May isang tatay na nakatayo sa harap ko, at dinala sa akin ang isang musmos, na may kung anong nakapatong sa maliit nitong dibdib. Haya't, 'yung kaliwa niyang binti, ay nakabaluktot, hanggang sa nakadikit 'yun sa munti nitong katawan. At 'yung kanang binti, ay nakabaluktot naman sa kabila. Parehong kamay ay nakabaluktot, din, nakadikit na sa katawan. At nakapilipit ang maliit nitong katawan at nakabaluktot hanggang *dito* mismo sa kanyang leeg. At sa isip-isip ako, “Ano kaya ang ibig sabihin nito?” At tumingin ako, nakaupo sa kaliwa ko, ang isang matandang babae, hinubad niya ang salamin niya, at pinunasan

'yung mga luha o kung ano na nasa salamin niya. Sa kanan ko, sa isang pulang sofa na de tiklop, na kapareha nung silya, nakaupo ang isang paslit pa, na olandes ang buhok na batang lalaki na kulot ang buhok, na nakatanaw sa bintana.

²⁸ At tumingin ako, nakatayo roon sa may kanan ko, at nakatayo roon sa . . . ay 'yung Anghel na 'yun ng Panginoon. At ang sabi Niya sa akin, "Mabubuhay ba ang musmos na 'yun?"

At sabi ko, "Ginoo, hindi ko po alam."

Sabi Niya, "Ipatong mo ang mga kamay mo sa musmos. Mabubuhay ito."

²⁹ At ginawa ko—ginawa ko nga. At tumalon pababa ang musmos, mula sa . . . mula sa mga bisig ng tatay. At 'yung munting, kanang binti'y nawala sa pagkakabaluktot, at 'yung kanang tagiliran ay nawala sa pagkakabaluktot, 'yung kanang braso ay nawala rin sa pagkakabaluktot. Humakbang ito nang isa pa, at nawala sa pagkakabaluktot 'yung kabilang tagiliran. Humakbang na naman, at nawala sa pagkakabaluktot 'yung kabilang tagiliran, 'yung katawan, 'yung gitnang bahagi'y nawala sa pagkakabaluktot. At ipinatong niya ang mumunti niyang mga kamay sa akin, at ang sabi, "Kapatid na Branham, ganap na magaling na ako." Nakasuot 'yung musmos ng asul na korduroy na koberol, o oberol, munting de bib na oberol. At kulay-kape ang buhok niya, at may munti't, manipis, na maliit na bibig.

³⁰ At sinabi ng Anghel ng Panginoon sa akin na dadalhin Niya ako sa ibang lugar. At dinala ako sa malayo. At inilapag niya ako sa tabi ng isang lumang libingan, at ipinakita sa akin ang mga numero sa isang lapida, na malapit sa isang simbahan. At ang sabi Niya, "Ito ang lugar na magtuturo sa iyo."

³¹ Dinala Niya ako sa iba pang lugar. At may isang . . . para bang isang maliit na bayan, na nasa dalawa lang ang tindahan. At 'yung isa'y may dilaw na harapan, dilaw na dingding 'yung pinaka pader. At lumapit ako roon, o tumayo roon. At may isang matandang lalaki na papalabas, na nakadamit ng asul na korduroy na dyaket, o isang asul na maong na dyaket at asul na oberol, tapos may suot na dilaw na sumbrerong korduroy. May malago't, puti siyang bigote.

Sabi ng Anghel, "Ipapakita niya sa iyo ang daan."

³² At 'yung sumunod na dinakuan ko, nakita ko na papasok ako sa isang silid, habang sinusundan ko ang isang medyo matabang babae na bata-bata pa. At pagpasok ko ng pintuan, 'yung mga larawan sa papel na nasa dingding ay pula. Sa itaas nung pintuan ay may isang karatula, "Pagpalain ng Diyos ang aming tahanan." May isang malaki't, lumang, tansong kamang de poste na nakapuwesto sa may kanan ko. At isang malaking kalan na nasa kaliwa ko naman. At doon sa isang sulok, nakaratay ang isang batang babae na mga nasa labinlimang taong gulang. At

mayroon siyang polio o kung ano, na nagpabaluktot sa kanyang kanang binti. At nakalisya ang paa niya, at baluktot sa ibaba niya. At mukha siyang—mukha siyang batang lalaki. Pero, 'yung buhok niya ay pambabae mismo, at may—may hugis-puso siyang mga labi na pambabae mismo.

At sabi sa akin ng Anghel, “Makakalakad pa ba ang dalagitang 'yan?”

At sabi ko, “Ginoo, hindi ko po alam.”

³³ Sabi Niya, “Pumunta ka't ipatong mo ang iyong mga kamay sa ibabaw ng kanyang tiyan.” Tapos naisip ko na isa itong batang lalaki, sigurado, dahil ipinapapatong Niya ang mga kamay ko sa ibabaw ng kanyang tiyan. Ginawa ko ang sinabi Niya sa akin.

³⁴ At may narinig akong nagsabi, “Purihin ang Panginoon.” At tumingin ako. At pagtingin ko, bumabangon na 'yung batang babae. At noong makabangon siya, 'yung suot niyang pajama, lumilis paitaas 'yung isang paa nung pajama, at nakita 'yung bilugang tuhod na katulad ng tuhod ng babae at hindi mabuko, alam mo na, na tulad ng tuhod ng lalaki. At nalaman kong babae ito. At nakasuot siya ng kanyang pajama. At lumapit siya, naglakad siya papalapit sa akin, sinusuklay ang buhok niya. Olandes ang buhok niya, sinusuklay ang kanyang buhok.

³⁵ Nakatira 'yung babae roon sa Salem, sa araw na ito, may asawa na, at may tatlo o apat na anak. At ang kanyang nanay at tatay ay naroon pa, rin.

³⁶ At pagkatapos ako'y—ako'y—ako'y natauhan. At may nauulinigan ako na nagsasabi, “Kapatid na Branham. . .” O, “Kapatid na Bill! Oh, Kapatid na Bill!” At tinatawag ako ng nanay ko. At nalilito-lito ako. Naririnig ko 'yung isa, tapos iba naman dito. Papatlabas ako noon sa pangitaing 'yun, alam mo na, medyo naglalabo-labo sa akin. At sabi ko, “Ano po 'yun, nanay?” Sa katabing kuwarto, kung saan siya natutulong.

At sabi niya, “May kumakatok sa pinto mo.”

³⁷ At narinig ko 'yun, “Kapatid na Bill!” At binuksan ko ang pinto. May pumasok na isang lalaki. Ang pangalan niya ay John Emil. Nakatira na siya sa Miami, Florida, ngayon. At sabi niya, “Kapatid na Bill, hindi mo na siguro ako naaalala.”

Sabi ko, “Hindi. Sa palagay ko hindi nga.”

³⁸ Sabi, “Binautismuhan mo ako at ang pamilya ko. Pero,” sabi, “Tinahak ko ang maling landas.” Sabi niya, “Nakapatay ako ng isang tao, dito kamakailan lang. Nasuntok ko siya ng aking kamao, at nabali ang leeg niya, sa away.” Sabi, “Namatayan ako ng isa sa maliliit kong anak na lalaki, 'yung panganay.” At sabi, “Nakarayat 'yung bunso ko sa bahay, naghihingalo ngayon.” At sabi, “Kaaalis lang nung doktor dito sa lungsod, at ang sabi, 'May dobleng pulmonya raw ang bata.' At halos hindi na ito makahinga.” At sabi, “Ako—ako—ako—ako nga'y. . . Biglang

naalala kita. At naisip ko kung maaari ka kayang pumunta at isama ito sa panalangin.” At sabi, “Ngayon, gaya ng alam mo na, pinsan ako ni Graham Snelling.” Haya’t, si Graham Snelling, ay Rev. Graham Snelling na ngayon, pero hindi pa siya noon ministro noong panahong ’yun; isang mabuting Cristianong lalaki. Sabi niya, “Pinsan ko siya. Pupunta ako para sunduin siya.” Nakatira siya nang mga kalahating milya mula sa akin, doon sa lungsod. At sabi, “Pupunta ako para sunduin siya. At puwede ka bang pumunta?”

Sabi ko, “Oo naman, G. Emil, pagkabihi na pagkabihi ko.”

At pagkatapos ang sabi niya, “Kukunin ko lang ang kotse ko, at susunduin kita.”

Sabi ko, “Sige.”

³⁹ Sabi, “Pagkasundo ko kay Graham. At nais kong maipanalangin n’yong dalawa’yung bata.”

Sabi ko, “Sige.”

⁴⁰ Mangyari nga na pagkatapos kong makapaghanda. Haya’t sabi ni nanay, “Anong nangyayari?”

Sabi ko, “May isang munting bata na pagagalingin.”

At kaya sabi niya, “Pagagalingin?”

At sabi ko, “Opo, nanay.”

At kaya sabi ko, “Magkukuwento pa ako sa inyo tungkol dito pagbalik ko.”

⁴¹ Matapos ang ilang saglit, kumatok siya sa pintuan ko, at kasama na niya si Kapatid na Graham. Pabagtas kami rito, sa kilala natin ngayon na pantalan ng mga bangka, pero dati’y lumang Howard Shipyard ’yun noong panahong ’yun. Sabi ko, “G. Emil, ikaw ba . . . Saan ka na nakatira ngayon?”

Sabi niya, “Sa itaas ng Utica.”

⁴² Sabi ko, “Nakatira ka ba sa isang maliit, na tinatawag nating ‘shotgun’ na bahay, na may dalawang maliliit na silid.”

“Tama, po.”

“Na nasa itaas ng isang burol.”

“Tama, po,” sabi niya.

⁴³ Sabi, “Yung pang-ilalim mo—mo sa iyong dingding ay gawa sa usli’t uka, at pula ang pintura nito.”

Sabi niya, “Tama po.”

⁴⁴ Sabi ko, “Nakarayat ang isang munting musmos sa isang bakal na kamang de poste. At mayroon siya sa bahay, maski, isang pares ng asul na korduoy na oberol.”

Sinabi, “Suot-suot po niya ngayon.”

⁴⁵ At sabi ko, “At’yung musmos ay munting paslit, na mga nasa tatlong taong gulang. At mayroon din siyang maliit na

bibig, munti't maninipis na labi. At mayroon siyang mapusyaw na kulay-kapeng buhok.”

Sabi niya, “Totoo po.”

⁴⁶ Sabi ko, “Si Gng. Emil ay isang babaing kulay itim ang buhok. At sa silid na 'yun, may sofa dun na de tiklop at isang pulang silya.”

Sabi niya, “Nakapunta ka na ba roon, Kapatid na Branham?”

Sabi ko, “Kani-kanila lang.”

“Kani-kanina lang?” sabi niya.

Sabi ko, “Oo.”

“Naku,” sabi niya, “hindi kita nakita.”

⁴⁷ Sabi ko, “Hindi. Sa espiritu ito.” Sabi ko, “G. Emil, narinig mo na akong mangusap, kung ako nga ang nagbautismo sa iyo, tungkol sa mga bagay na nangyayari sa akin. Na maaaring . . . Nakikita ko ang mga bagay-bagay bago ito mangyari.”

⁴⁸ Sabi niya, “Opo. May nangyari bang katulad nun sa iyo, Kapatid na Branham?”

⁴⁹ Sabi ko, “Oo. At G. Emil, anuman Ito na nagsaysay sa akin, ay di pa kailanman nagsasabi sa akin ng kasinungalingan. Ang iyong anak ay gagaling pagdating ko roon.”

⁵⁰ At inihinto niya ang kotse, sumubsob siya sa manibela, sabi, “Diyos, mahabag Ka sa akin. Ipanumbalik Mo ako, Oh Panginoon.” Kita mo? “At ipinapangako ko sa Iyo, na mabubuhay ako para sa Iyo, sa nalalabing mga araw ko, kung ililigtas Mo po ang buhay ng anak ko.” At doon ay ibinigay niya ang kanyang puso kay Cristo. Pumasok kami sa bahay, tuwang-tuwa ako para sa kanya, isang kaluluwang naipanumbalik kay Cristo.

⁵¹ Pagpasok namin—pagpasok namin sa bahay, nakapuwesto ang lahat mismo sa eksaktong pagkakapuwesto, tanging 'yung matandang babae lang ang wala roon. Sa kasabikan, sobrang kasabikan, ang sabi ko, “Dalhin mo sa akin ang musmos.” At 'yung musmos nga'y halos kumakapit na lang sa buhay. Kita mo? Yung “pagkabaluktot,” 'yun nga 'yung pagkaubos nung buhay sa musmos. Sadyang abot *dito*, sa maliit nitong lalamunan. At ang sabi ko, “Dalhin mo sa akin ang musmos.” Hindi ako nakapaghintay na matupad ang pangitain.

⁵² Kapatid na Vayle, kung ang pad na ito'y dapat na nakalapag *dito*, hindi ako maaaring magsabi ng isang salita hanggang sa mailapag dun ang pad na 'yan. Kita mo? Kailangan mismo na ito'y nasa paraan kung papaano Nito ipinakita sa akin.

⁵³ Kaya sabi ko, “Dalhin mo sa akin ang musmos.” At dinala ng tatay sa akin ang musmos, at ipinanalangin ko ito, at lumala ang lagay nito. Kaya napagisip-isip ko, “Ngayon may bagay . . .”

Talagang nawalan ito ng hininga, at kinailangan nilang lumaban at yugyugin ito, at lahat na, para makahinga ito. Sa isip-isip ko, “Ngayon, may mali.”

54 At bigla kong naisip, “Nasaan ’yung matandang babae?” Yun ’yung wala pa dun.

55 Kaya kinuha nila ’yung musmos, inihiga ito. Naglalagay sila ng kung anong bagay sa ilalim ng ilong nito, lahat na, at umiiyak sila. Sumisigaw ang nanay, nag-iisteriko, at lahat na. Pero ’yung musmos nga’y halos—halos di na humihinga.

56 Sa isip-isip ko, “Buveno, dahil nga ito sa aking—aking kamangmangan, ginamit ko nang mali ang pangitain ng Diyos, dahil hindi ko Ito hinintay, dahil sa masyadong pagkasabik.”

57 Sa pamamagitan nito, nakikita mo nga, Kapatid na Vayle, kung bakit ako naghihintay. Hindi ko alintana kung sino ang magsabi sa akin. Mahal kita bilang kapatid ko. Kapatid, huwag mong kailanman tatangkain, na sabihan ako ng bagay na gagawin, kapag ramdam ko—kapag ramdam ko na nasa akin—nasa akin ang kalooban ng Panginoon. Kita mo? Kahit gaano pang kaganda ang itsura nito sa ibang paraan, hihintayin ko Siya. Kita mo? At—at kaya ako’y—ako’y natuto ng isang aral dito mismo, maraming, maraming, maraming taon na ang nakalipas; na haya’t dapat gawin nang eksakto kung ano ang sinasabi Niya, at huwag na huwag itong gagawin hanggang sa sabihin Niyang handa na itong gawin.

58 Nakikipaglaban ’yung musmos para makahinga. Ngayon, hindi ko masabi sa kanila ’yung nagawa ko, anupa’t naghintay mismo ako. Sa isip-isip ko, “Marahil palalampasin ito ng biyaya, at patatawarin Niya ako.” Buveno, lumayo ako’t, naupo.

59 Nakipaglaban sila para isalba ang buhay ng musmos hanggang sa magbukang-liwayway na. Pagsikat ng araw, inisip nilang mamamatay na ang musmos anumang minuto. Buveno, nakaupo ako roon. At patuloy nila akong tinatanong, “Kapatid na Branham, anong dapat naming gawin?” O, “Kapatid na Bill,” tinatawag nila ako, “anong dapat naming gawin?”

60 Sabi ko, “Hindi ko alam.” Kita mo? Naupo ako roon, nakayuko ang aking ulo, na sinasabi, “Panginoon, pakiusap po patawarin Mo ako.”

61 Buveno, haya’t nagliwanag na. Kinailangan nang pumasok sa trabaho si Kapatid na Graham Snelling. Kaya ihahatid siya ni G. Emil, at alam kong kailangan ko na ring umalis sa bahay.

62 At, sa kabila nun, dapat nakaupo roon si Kapatid na Graham, dahil olandes, at kulot ang buhok niya, gaya ng nalalaman mo. Nakaupo dapat siya sa sofa dun na de tiklop. Mangyari nga na nakaupo ako roon sa dapat doon nakaupo si Kapatid na Graham, pero wala roon ’yung matandang babae.

At walang matandang babae sa lugar. Kaya naupo ako roon. At mangyaring nagbihis na si G. Emil ng amerikana niya.

⁶³ Pagkatapos alam ko, kung aalis si Kapatid na Graham, mahirap nang masabi kung kailan siya babalik. Kita mo? At pagkatapos alam ko, kahit na dumating pa 'yung babae, hayan nga na wala naman si Kapatid na Graham doon. Kaya nakita mo 'yung situwasyon na kinalalagyan ko n'yan noon.

⁶⁴ At pagkatapos ang sabi ni G. Emil, "Kapatid na Branham, gusto mo na bang umalis na rin?" O, "Kapatid na Bill, gusto mo na bang umuwi? Gusto mo bang ihatid na kita sa bahay?"

⁶⁵ Sabi ko, "Hindi, ginoo. Maghihintay lang ako, kung ayos lang sa inyo." Ayaw ko sanang manatili roon sa bahay, na 'yung musmos lang ang nandun at 'yung nanay, tapos ako, dahil mga bata pa lang sila. Sila, siya'y, nasa mga dalawampu't limang taong gulang, sa palagay ko. At ako'y parehong edad halos. At sabi ko, "Hindi. Ako—ako'y maghihintay, kung ayos lang sa inyo."

Sabi niya, "A Yos lang, kapatid, Kapatid na Bill."

⁶⁶ At mangyari nga na palakad-lakad ang nanay, balisang-balisa, at sinusubukang. . . umiiyak siya't lahat na, alam mo. At 'yung musmos nga'y mas lumala. Kita mo? Mukha ngang, anumang minuto, para bang hinahabol niya ang kanyang paghinga, parang *ganoon*, gumaganito, *ugh*, *ugh*, *ganoon* na lang, 'yung paghinga, na mayroon siya. At walang. . . Wala silang penicillin at mga ganoong mga bagay noong panahong 'yun, kita mo. Kaya tinatapalan lang nila—tinatapalan lang nila ng mga plaster, at mga bagay na gaya nun. Pero ilang araw nang may *ganoon* 'yung musmos. At wala na ito, kita mo, o pawala na.

⁶⁷ At, pagkatapos, naupo ako—naupo ako roon. Sa isip-isip ko, "Naku, kung aalis si Graham. . ." Isinuot na ni Graham ang amerikana niya, at papalabas na ng pintuan.

⁶⁸ At sinabi niya sa kanyang maybahay, sabi niya, "Ngayon, babalik kami, maya-maya."

⁶⁹ Sa isip-isip ko, "Oh Diyos, kung *ganoon* kailangan kong manatili rito nang buong araw, at baka buong gabi, na naman, hayan nga, na naghihintay para sa pangitaing 'yun. Ano bang maaari kong gawin?"

⁷⁰ At dumungaw ako sa bintana. At paparating sa gilid ng bahay, parating ang lola nung musmos doon. At, buweno, nalaman ko na pagkatapos ng lahat, na ang lola pala 'yun. At nakasalamin siya. Sa isip-isip ko, "Ito na 'yun, Panginoon, kung—kung maaari lang sana na di lumabas ng pintuan si Graham." Mangyari pala, na palaging dumadaan sa pintuan sa harap ang lola. Pero, sa kung anong kadahilanan, hindi pa nila alam, noong mga sandaling 'yun, pero sa likod na pintuan siya nagpunta't, pumasok sa kusina. At pumasok siya sa kusina, nung

munting, lumang bahay. At pagkarating niya sa may pintuan, tumakbo papunta roon ang anak niyang babae't humalik sa kanya, dahil 'yun 'yung nanay nung babae, alam mo, at humalik siya. At si Kapatid na Graham. . .

Tapos sabi niya, "Bumuti ba ang lagay ng musmos?"

⁷¹ Sabi ng babae, "Nanay, namamatay na ito." At nagsimula siyang magsisigaw nang ganoon, at umiiyak ang kanyang nanay.

⁷² Pagkatapos sa isip-isip ko, "Kung gagana nga ito, ngayon, kung di sana lalabas si Graham."

⁷³ Tapos tumayo ako. At wala akong masabi na anuman, kita mo, basta naghihintay lang. At naglalakad-lakad si Kapatid na Graham. Tumayo ako para makaupo siya. At siya. . . At kamag-anak niya 'yun, kita mo, kaya naman nagsimula na siyang umiyak, din, at naupo roon sa sofa na de tiklop, kung saan dapat siyang maupo.

⁷⁴ Naisip ko, "Ngayon, kung lalapit lang sana 'yung matandang ginang at mauupo sa pulang silya dun!" At bumalik ako sa may pintuan kung saan nakatayo si G. Emil, na suot ang kanyang patong na amerikana, at handa na sanang lumabas. Talagang malamig ang klima noon, sobrang lamig. At naisip ko. . . At naupo na 'yung matandang ginang sa silya.

⁷⁵ At naupo na rin si Graham, at iniyuko ang kanyang ulo. At inihawak nung nanay ng musmos ang kamay niya sa may pinto, at nagsimulang umiyak. Sadyang eksaktong-eksakto sa pangitain! At naupo 'yung matandang ginang. At sa halip na mga luha, ang mamuo, sa salamin niya; haya't dahil sa lamig, lumabo 'yun dahil sa singaw. At dumampot siya sa kanyang maliit na maleta at inilabas ang isang maliit na panyo, at, o sa isang maliit na bag, at sinimulang punasan ang salamin na ito. [Pinapalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] Kapatid, 'yun na.

⁷⁶ Sinabi ko kay G. Emil. Sabi ko, "G. Emil, may kumpiyansa ka pa rin ba sa akin bilang lingkod ni Cristo?"

Sabi niya, "Oo naman, Kapatid na Branham."

⁷⁷ Sabi ko, "Maaari ko nang sabihin sa iyo ngayon. Nakapagsalita kasi ako't napangunahan 'yung pangitain, noong una, kaya hindi ito nangyari. Kung may kumpiyansa ka pa rin sa akin, pumunta ka't dalhin mo sa akin ang iyong anak." Oh, grabe! Kitang-kita ko mismo na tugma-tugma na, noon, kita mo. "Pumunta ka, dalhin mo sa akin ang iyong anak."

⁷⁸ Sabi niya, "Gagawin ko ang kahit anong sabihin mo sa akin na gawin, Kapatid na Bill. Hindi ako matatakot na kunin ito." Mangyari nga, na sa tuwing kinakarga nila ito, nawawalan ito ng malay, tuluyan mismong nawawalan ng hininga. Dinala ang munting musmos sa akin. Inabot ko't kinuha ito sa kanyang mga bisig, dinala ito sa akin, at tumayo ang tatay roon.

79 Ipinatong ko ang kamay ko rito, sabi ko, “Panginoon, patawarin Mo po ang kamangmangan ng Iyong lingkod. Kita Mo? Nakapagsalita ako’t napangunahan ang Iyong pangitain. Pero ngayon ay ipabatid mo na Ikaw ay Diyos ng kalangitan at lupa.”

80 Pagkasabi na pagkasabi, ko nun, iniyakap nung munting musmos ang mga braso niya sa kanyang tatay, biglang napasigaw at umiyak, ang sabi, “Tatay, maayos na ang pakiramdam ko.” Kita mo?

81 Sabi ko, “G. Emil, pabayaan mo lang ang munting musmos. Tatlong araw pa bago nito iwan ito, dahil humakbang siya nang tatlong hakbang, ’yun ’yung pagkawala nung pagkabaluktot.”

82 Umuwi ako, at ikinuwento ko ’yun sa iglesya ko. Sabi ko, “Babalik ako.” Lunes noon. Sabi ko, “Miyerkules ng gabi, bago ang pananambahan, pupunta ako roon.” Mga mahihirap lang sila, at ginawan namin sila ng isang basket ng mga pinamili, para dalhin sa kanila. Tapos sabi ko, “Gusto kong pumunta kayong lahat, at pagpunta ko roon. At magtipon kayo sa paligid ng bahay. At pagdating ko sa lugar na ’yun, sa kinaroroonan ng bahay, antabayanan n’yo at tingnan kung hindi nga lalakad ’yung munting musmos sa sahig, na may munting parang bigote *rito*, dahil sa pag-inom ng gatas na may tsokolate o kung ano. Kita mo? Tapos ipapatong niya ang kanyang mga kamay sa akin, at sasabihin niya ang mga salitang ito, ‘Kapatid na Bill, ganap na magaling na ako.’ Ang munting tatlong-taong-gulang na bata. Antabayan n’yo at tingnan kung hindi’t ’yun mismo ang mangyari.”

83 Ang asawa ko ngayon, si Meda, hindi pa kami kasal noon, kaya nasa grupo siya. Isang punong truck ang pumunta at pumuwesto sila sa paligid ng bahay, kita mo, para makita ang pagdating ko gamit ang lumang Public Service Company na truck na iniuwi ko noong gabing ’yun. Wala pa akong sariling kotse noon. Puno ng alkitran ’yung likod, at mga kagamitan, alam mo na, na karga-karga ko noong araw na ’yun, at nagkukumpuni ng mga bagay-bagay. Dumating ako sa harapan, huminto. Umakyat sa balkonahe; kumatok sa pinto. At wala silang alpombra sa munting lumang sahig. At lumakad papalapit ang nanay, sabi, “Naku, si Kapatid na Bill pala,” parang ganoon. At nakasilip ang mga tao sa mga bintana, noong oras na ’yun, para makita kung anong mangyayari.

84 At doon sa sulok, naglalaro, ang munting batang lalaking ito, ikatlong araw na ito. Huminto ako, hindi nagsalita ng anuman. At lumapit, naglalakad papalapit, ipinatong ang mumunti niyang mga kamay sa akin. Na may...Kakainom lang niya ng gatas na may tsokolate, kaya may munting bigote siya, na parang, nakaguhit nang *paganoon*, mula sa gatas na may

tsokolate. Ipinatong ang mga kamay niya sa akin, ang sabi, “Kapatid na Bill, ganap na magaling na ako.” Huh!

⁸⁵ Noong gabing ’yun, sa simbahan, binanggit ko ’yun. Sabi ko, “May isang batang babaing baldado sa isang lugar, na nangangailangan.” Sabi ko, “Iglesya, hindi ko alam ang ibig sabihin ng mga bagay na ito. Hindi ko masabi sa inyo.”

⁸⁶ At—at mangyari nga na nagtrabaho ako noon sa Public Service. At naaalala ko isang araw, mga sanlinggo pagkatapos nun, papalabas ako noon ng gusali, papalabas na. Si G. Herb Scott, nakatira siya ngayon mismo sa lungsod, siya ang amo ko. At sabi niya . . . Pababa na ako noon. Sabi niya, “Billy?”

Sabi ko, “Opo.”

Sabi, “Bago ka umalis, may liham ako rito para sa inyo.”

Sabi ko, “Sige, Herbie. Kukunin ko ’yan maya-maya.”

⁸⁷ At—at kaya pumunta na ako para gawin ’yung iba ko pang trabaho, may tinitingnan dun. Tapos pumunta na ako para tapusin ’yung iba ko pang trabaho. At noong matapos ko—matapos ko na, naalala ko ’yung liham. Pumunta ako’t kinuha ’yun, binuksan ko. At sabi dun, “Minamahal na G. Branham,” kita mo, sabi, “ang pangalan ko po’y Nail. Ako si Gng. Harold Nail. Nakatira kami sa isang lugar na tinatawag na South Boston.” At sabi, “Kami’y mga Methodist, sa pananampalataya. At nagkataong nabasa ko ang isang munting aklat na isinulat mo, na may pamagat na *Si Jesus Cristo Ay Siya Ring Kahapon, Ngayon, At Magpakailanman*, isang mumunting babasahin. At may pagtitipon kami para sa pananalangin sa bahay namin, noong isang gabi. At nabalitaan namin na matagumpay ka, sa pananalangin sa mga maysakit.” At sabi, “May anak na babae ako na may sakit, labinlimang taong gulang siya,” sabi, “nakaratay siya sa banig ng karamdaman. At sa di malaman na dahilan, hindi ko ito maalís sa isip ko, na dapat kitang papuntahin para ipanalangin ang batang babaing ito. Maaari mo bang gawin ito? Lubos na gumagalang, Gng. Harold Nail. South Boston, Indiana.”

Sabi ko, “Alam mo, ’yun ’yung batang babae. Siya ’yun.”

⁸⁸ Umuwi ako, sinabi ko sa nanay ko, sinabi sa kanila ang tungkol dito. Sabi ko, “Yun—’yun ’yung batang babae.” At pagkatapos noong gabing ’yun, sa simbahan, sinabi ko sa iglesya. Sinabi ko, “Heto ’yung—’yung—’yung—’yung lugar.” Sabi ko, “May nakakaalam ba kung saan ang South Boston?”

⁸⁹ At si Kapatid na George Wright, kilala n’yo lahat siya, sabi niya, “Kapatid na Branham, ’yun . . . sa palagay ko doon ’yun sa Timog.”

⁹⁰ Kaya kinabukasan, dalawang kaibigan ko, at ang maybahay ko, na siya na ngayon, at isang lalaki’t ang maybahay niya na taga-Texas. Pang- . . . ang pangalan nila ay Brace, Ad Brace.

Nakatira na siya rito ngayon, sa ibaba ng Milltown, magsasaka. Isa siyang rantsero dati roon sa Kanluran. At lumipat na siya rito para malapit na sa simbahan. At ipinanalangin ko noon ang maybahay niya, at pinagaling siya mula sa tuberkulosis. At mangyari na gusto niyang makita itong mangyari. Sabi ko, “Sumama ka sa akin, at tingnan mo kung hindi ba’t mangyari ito mismo sa ganitong paraan.” Mangyari nga na di pa kailanman nakakakita’yung ginang ng pangitain, si Gng.—Gng. Brace. Kaya sumama sa akin ang maybahay ko. At si Kapatid na Jim Wiseheart, ang matandang elder, naaalala mo, sa simbahan dun, ’yung matandang diyakono, gusto niyang makita ito. Maliit lang, at luma’yung roadster na mayroon ako noon, at pinagkasya ko silang lahat dun.

⁹¹ At nagpunta na kami ng New Albany. At napansin ko’yung karatula, at napagtanto ko, hindi pala ito South Boston. New Boston pala. Mangyari na di ko na alam kung saan pupunta, kaya bumalik ako sa Jeffersonville at nagtanong-tanong. At may tao na pumunta dun sa tanggapan ng koreo, ang sabi nila doon, “Ang South Boston ay nasa itaas lang ng Henryville.”

⁹² Kaya naman nagtungo ako—nagtungo ako sa Henryville, at nagtanong-tanong doon. At sabi nila, “Lumiko ka sa daan na *ito*. Mga labinlimang milya pa ang layo, sa likod ng mga burol *dito*, makikita mo ang isang maliit na lugar. Alalay ka lang, baka kasi malampasan mo,” sabi, “dahil isa’t maliit lang’yung tindahan dun. At’yung tindahan ay nandun na rin’yung tanggapan ng koreo, pati lahat na ng iba pa, naroon na. South Boston kamo, diyan lang sa mga burol na’yun.” May labimpitong libong ektarya ng mga burol-burol doon, kita mo. At nasa likod lang ito, sa mga burol dun.

⁹³ Kaya lumarga na kami, sa pagbibiyaha. At bigla na lang, nakaramdam ako ng talagang kakaiba, matapos na makapagmaneho, nang lima o anim na milya, nakaramdam ako ng talagang kakaiba. Sabi ko, “Hindi ko alam.”

Sabi ng mga kasamahan ko, “Anong nangyari?”

⁹⁴ Sabi ko, “Naniniwala ako na—na Yung kumakausap sa akin, ay gustong makipag-usap sa akin, kaya kailangan kong bumaba ng kotse.”

⁹⁵ Kaya lumabas ako ng kotse. At nakakandong’yung mga babae sa kapwa nila babae, alam mo na, at ganoon nga, siksikan sa maliit na lumang roadster na’yun. At lumabas ako sa kotse, at pumunta sa likuran ng kotse. At yumuko ako, ipinatong ko ang paa ko sa bumper, sa likod ng kotse. At sinabi ko, “Makalangit na Ama, ano po ang nais Mong ipabatid sa Iyong lingkod?” At nanalangin ako. Walang nangyari. Naghintay ako nang ilang minuto. At naisip ko, “Buweno, Siya’y . . .” Madalas kapag ganoon na may mga tao, kailangan kong mapag-isa. At kaya naghintay ako nang ilang minuto.

⁹⁶ Nagkataon na napukaw ang pansin ko, napatingin sa isang dako. Bigla kong naisip, “Buweno, tingnan mo nga naman, nandito lang pala ’yung munting simbahan.” At kung nakapunta na kayo sa . . . Ang Bunker Hill Church po ito. At tumingin ako sa gilid, Bunker Hill Christian Church, at naroon ’yung mga lapida ng sementeryo, sa harapan mismo ng simbahan.

⁹⁷ At pumunta ako roon. Sabi ko, “Ngayon kung may makita kayong mga letra.” Hindi pa ako nakakapunta sa gawing ’yun noon, sa buong buhay ko. Hindi pa ako nakakapunta roon, saanman, sa buong buhay ko. At sabi ko, “Kunin n’yo ’yung mga pangalan at mga numero at pumunta kayo rito, tingnan n’yo kung hindi ba’t ’yun ’yung parehong nasa lapida rito.” At hayun nga, ’yun na ’yun talaga. Sabi ko, “Yun na. Nasa tamang daan tayo mismo.” Sabi ko, “Ang Anghel ’yun ng Panginoon.” Kita mo, dinaanan ko na mismo, at hindi ko alam na ’yun na pala. Kaya, oh, Siya’y ganap na ganap.

⁹⁸ At kaya naman nagpatuloy kami sa biyahe. Sa harapan nakasalubong ko ang isang lalaki, at sabi ko, “Maaari n’yo po bang sabihin sa akin kung saan ang South Boston, manong?”

⁹⁹ Sabi niya, “Kumanan ka lang tapos kumaliwa,” alam mo, at kung ano pa. At nagpatuloy mismo kami.

¹⁰⁰ Mga kaunting sandali pa, nakarating kami, napansin ko, nakarating ako sa isang maliit na lugar. At ito’y may maliit na nayon, tila ba. Tapos tumingin ako—tumingin ako. Sabi ko, “Ito na ’yun. Ito na ’yun, diyan mismo.” Sabi ko, “Hayun ’yung. . . Hayun, hayun ’yung dilaw na harapan ng tindahan.” At sabi ko, “Ngayon, subaybayan n’yo. Lalabas diyan ang isang lalaki, na nakasuot ng asul na oberol, puting korduroy. . . o dilaw na sumbrerong koduroy, na may puting bigote, at sasabihin sa akin kung saan pupunta. Kung hindi, gumagawa-gawa lang ako ng kuwento.”

¹⁰¹ At kaya naghihintay silang lahat. At—at nagmaneho ako roon, sa harapan ng lugar. At paglapit ko, sa harap, lumabas nga ’yung lalaking nakasuot ng asul na oberol, at dilaw ang suot na sumbrerong korduroy, at may puting bigote. At hinimatay si Gng. Brace sa kotse, noong makita niyang nangyari ito, nang tulad nun.

Sabi ko, “Ginoo, maaari mo bang sabihin sa akin kung saan si Harold Nail.”

Sabi niya, “Opo, ginoo.” Sabi, “Nanggaling ba kayo sa Timog?”

Sabi ko, “Opo, ginoo.”

¹⁰² Sabi niya, “Lumampas ka na. Mga kalahating milya sa daan, lumiko ka, sa unang kalsada sa kaliwa. Umakyat ka, at may makikita kang malaking pulang kamalig, at lumiko ka roon sa

pulang kamalig na 'yun." Sabi, "Ikalawang bahay sa kanan mo, pagliko mo sa maliit na parang makipot na daan."

Sabi ko, "Sige, po."

Sabi niya, "Bakit pala?"

Sabi ko, "Mayroon siyang anak na babaing may sakit. Hindi ba?"

Sabi, "Tama, po. Mayroon nga siya."

¹⁰³ Sabi ko, "Pagagalangin siya ng Panginoon." At nagsimulang umiyak 'yung matandang lalaki. Kita mo? Hindi niya alam. At mangyari na kasama siya dun sa pangitain. Hindi niya alam kung anong nangyayari.

¹⁰⁴ Umikot ako. Nagkamalay nang muli si Gng. Nail. At nagpunta na kami roon, dumaan sa bakuran. Lumabas kami ng kotse, nagsimula nang pumasok. Nagsimula na kaming puntahan 'yung . . . alam mo, 'yung lugar kung saan ito naroon. At may matabang babae na bata-bata pa ang lumapit sa may pinto. Sabi ko, "Hayan siya." Kita mo?

At pagkatapos ang sabi niya, "Kumusta po kayo?"

Tapos sabi ko, "Kumusta ka?" Sabi ko, "Ako po—Ako po si Kapatid na Bill."

¹⁰⁵ "Oh," sabi niya, "Naisip ko—ko—ko po na ikaw 'yun." Sabi niya, "Natanggap n'yo po ba ang sulat ko?"

Sabi ko, "Opo, ginang, natanggap ko."

Sabi niya, "Ako si Gng. Harold Nail."

¹⁰⁶ Sabi ko, "Buweno, natutuwa akong makilala ka, Gng. Nail. At heto po ang ilan na kasama ko, para ipanalangin ang iyong anak."

Sabi, "Sige po."

Sabi ko, "Malapit na siyang gumaling."

¹⁰⁷ Sabi niya, "Ano po?" At nanginig ang mga labi niya. Napaiyak siya.

¹⁰⁸ Sabi ko, "Opo, ginang." At di ko—di ko namalayan; di ko na hinintay na 'yung babae ang magsabi.

¹⁰⁹ Naglakad ako diretso sa pasilyo, at ang mga kasama ko'y nakasunod sa akin. Pagbukas ko ng pinto sa kanan ng pasilyo, haya't malaki't, lumang, bahay 'yun sa kanayunan, binuksan ko ang pinto, naroon ang mga dilaw na diyar- . . . o mga dilaw na papel sa may dingding, pulang mga larawan; 'yung karatula, "Pagpalain ng Diyos ang aming tahanan;" nandun din 'yung lumang tansong kamang de poste; nasa kaliwa ko 'yung malaking kalan. At may isang maliit na higaan dun, nandun 'yung batang babae na mukhang batang lalaki na nakahiga roon.

¹¹⁰ Ngayon may bagay na nangyari. Nandun ako sa sulok ng kuwarto, pinanonood ko ang katawan ko na lumapit sa higaang

'yun. At ipinatong ko ang mga kamay ko mismo sa ibabaw ng tiyan nung bata, eksakto sa paraang sinabi ng Panginoon. At noong ginawa ko 'yun, pagpasok ni Gng. Nail sa kuwarto at nakita 'yun, natumba siya sa sahig, muli, nahimatay. Medyo mahina ang pangangatawan niya, at hinimatay siya sa may sahig, muli. At sinikap siyang alalayan ni Kapatid na Nail. At nakatayo roon ang matandang Kapatid na Jim, ang sabi, "Purihin ang Panginoon," na magkahawak ang mga kamay niya, kung alam mo kung paano siya kumilos. At mangyari nga na tumingin ako roon, at nakita ko 'yun.

¹¹¹ At ipinatong ko ang mga kamay ko sa kanya, o sa kanyang tiyan, nang *paganito*. Sabi ko, "Panginoon, ginagawa ko po ito sa utos ng, sa tingin ko, ay sinasabi sa akin ng Diyos na gawin." At sa mga oras na 'yun, nagsimulang umiyak ang bata, at bumangon siya.

¹¹² At kakapatayo pa lang nila kay Gng. Nail. Nahimasman na siya, sa pagkakahimatay niya.

¹¹³ At pagkabangon nung batang babae mula sa kama, hayun at lumilis pataas ang binti ng kanyang pajama sa kanang binti, eksaktong-eksakto sa kung paano 'yun ipinakita sa pangitain. At hayun ang bilugang tuhod ng isang babae, sa halip na sa isang lalaki.

¹¹⁴ At natumba si Gng. Nail, muli. Kita mo? Hinimatay siya. Tatlong beses siyang hinimatay.


¹¹⁵ At lumabas mula roon ang kabataang babaing 'yun, sa silid na 'yun. At pumasok sa silid-bihisan niya, na umiyyak, at isinuot ang kanyang kimono, lumabas pabalik, na sinusuklay na ang kanyang buhok. Gamit ang kanyang...gamit 'yung bal... Haya't 'yung isa niyang—niyang kamay dati ay baldado, rin, sa kanang bahagi. Nasusuklay na niya ang kanyang buhok gamit ang baldadong kamay na 'yun.

¹¹⁶ May asawa na siya ngayon, may ilang anak na. Yung pangalan niya, hindi ko na maalala ngayon ang pangalan niya. Pero ang mga Nail, kahit sino'y masasabi sa iyo, si Harold Nail.

¹¹⁷ At ang mga pangitaing 'yun ay totoo. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Maaari kong isama 'yan at dalhin ka sa mga tao na makagagawa ng maraming aklat tungkol sa mga bagay na ito na nangyari. Ngayon, totoo 'yun, Kapatid na Vayle.

¹¹⁸ Mabibigo ako; isa akong tao. Isa akong kabiguan, kung tutuusin, at isang napakahinang kahalili para maging lingkod ni Cristo. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

¹¹⁹ [Sinasabi ni Kapatid na Vayle, "Puwede mo bang baybayin ang Merrell?"—Pat.] M-e-r-r-e, dalawang l. ["Akala ko 'yung isa 'yun. Sige."] Yan na bang lahat, 'yun ngayon? ["Yung Nail ba ay N-e-i-l?"] N-a-i-l. ["Yung Brace, B-r-a-c-e?"] B-r-a-c-e, Ad, Ad Brace. ["Ngayon sa tingin ko nakuha ko nang lahat. Sandali

lang. Graham Shelling ba?"] Graham, G-r-a-h-a-m. ["Haya't 'n' ba."] S-n-e, dalawang l, i-n-g. ["Ah, Snelling. Sige't nakuha na natin."] 

60-0930 Mga Pangitain Ni William Branham
Campaign Office
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org